**Pamagat**: Ang Dakilang Kaligtasan

**Bible Text**: 1 Pet. 1:5 "Who are kept by the power of God through faith unto salvation ready to be revealed in the last time."

*Pagsasalin*: Kayo'y iniingatan ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya para sa kaligtasan na nakahandang ipahayag sa huling panahon.

**Panimula**:

1. Ang unang liham ni Peter ay may limang bahagi: Salvation, Sanctification, Suffering, Shepherding & Sobering Messages, at Conclusion.
2. Titingan natin ang unang bahagi: Salvation (1:1-12)
3. Ang pinagmulan at kasiguraduhan ng kaligtasan. (1:1-5)

## I. Ang Pinagmulan ng Kaligtasan (vv.1-2)

A. Tayo ay pinili ng Ama (v.2a)
"pinili at itinalaga ng Diyos Ama," "hinirang ayon sa paunang kaalaman ng Ama" "Kayo'y pinili ng Diyos Ama ayon sa kanyang kaalaman sa mula't mula pa."

B. Tayo ay inilaan o ihiniwalay ng Banal na Espiritu (v.2b)
"at ginawang banal ng Espiritu upang sumunod kay Jesu-Cristo" "sa pamamagitanng pagpapaging-banal ng Espiritu, patungo sa pagsunod" "at ginawang banal ng Espiritu upang sumunod kay Jesu-Cristo"

C. Tayo ay lininis ng pagwisik ng dugo ng Anak (v.2c)
"at mawisikan ng kanyang dugo:" "at pagwiwisik ng dugo ni Jesucristo."

D. Ito ay ang gawa ng Banal na Trinity. (1:21-22; 3:18; Acts 10:38)

## II. Ang Kasiguraduhan ng Kaligtasan (vv.3-5):

A. Ang ebidensya ng kaligtasan (v.3) – dahil sa muling pagkabuhay ni Cristo.
"Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Sa pamamagitan ng kanyang malaking kahabagan ay muli tayong ipinanganak [v.23 – born again, regeneration by the word of God; new birth] sa isang buháy na pag-asa sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo mula sa mga patay,"

B. Ang pagpapanatili nito (v.4) – Ito ay inilaan sa langit para sa inyo.
"tungo sa isang manang hindi nasisira [o nabubulok], walang dungis [o hindi narurumihan], at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para sa inyo," (reserved in Heaven for you!)
SECURE ang salvation ng believer.
-Nakahanda ka na ba para sa reservation mo?

C. Ang kapangyarihan na ito (v.5) – Sinisigurado ng kapangyarihan ng Dios ang ating kaligtasan.
"na sa kapangyarihan ng Diyos ay iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya para sa kaligtasan na nakahandang ipahayag sa huling panahon."
-Makukompleto ang salvation (deliverance) natin sa Rapture of the believers.
-Tayo ay iniingatan ng Dios!

**Katapusan**:

1. Ang kaligtasan natin ay totoo at secure.
2. Kung wala kapang kaligtasan, maari mong matanggap ang inyong kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus!